# War Memorial Opera House



San Francisco War Memorial & Performing Arts Center

Filipino



## NILALAMAN


**3** Panimula
**5** Kapasidad at Floor Plan
**6** Seating Chart
**7** Mga Rate ng Renta
**8** Mga Bayarin at Gastusin
**9** Mga Teknikal na Detalye
**10** Mga Tagubilin sa Pagbu-book
**11** Pagkain at Inumin
**12** Pelikula at Photography
**13** Mga Madalas Itanong
**15** Mga Direksyon at Paradahan
**16** Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan


## TUNGKOL SA SFWMPAC

Pinagdarausan ng maraming pinakamasisiglang performing arts presenter ng Bay Area, ang San Francisco War Memorial and Performing Arts Center (SFWMPAC) ay isang kilalang institusyon ng kultura na pagmamay-ari at pinapatakbo ng Lungsod at County ng San Francisco.

Ang War Memorial Opera House na tahanan ng San Francisco Opera at San Francisco Ballet ay nagbukas noong 1932 at idineklara ito ng magazine na TIME bilang "…isang lugar na ginawang posible ng lahat ng tao ng San Francisco." Ang kultural na landmark na ito, na idinisenyo ni Arthur Brown, Jr., isang tanyag na Amerikanong arkitekto na siya ring gumawa sa San Francisco City Hall, ay isa sa mga huling istrukturang Beaux-Arts na itinayo sa United States.



Ngayon, ang napakagandang gusali ay pinagdarausan ng iba't ibang event. Bukod pa sa mga opera at ballet na pagtatanghal, ang auditorium na may 3146 na upuan ay magagamit para sa mga espesyal na presentasyon, pagtuturo, at concert. Dahil sa magagarbong disenyo nito at kisameng may taas na 38 talampakan, ang enggrandeng Main Lobby ay nagiging isang hindi malilimutang lugar para sa mga eleganteng cocktail reception, sit-down dinner, at pagdiriwang. Ang War Memorial Opera House ay isa sa mga pinakapaborito at natatanging lugar ng Bay Area na nag-aalok ng makabagong teknolohiya at dating ng teatrong Old World.


Panlabas na Loggia sa palapag na Grand Tier


Tanawin ng City Hall sa gabi


Ang enggrandeng Main Lobby ay perpekto para sa mga reception at salu-salo

# kapasidad at mga floor plan

**KAPASIDAD NG AUDITORIUM**
3126 nakaupo
200 nakatayo



**BALCONY** (Ika-4 na Palapag)
Balcony: 610
Balcony Circle: 278 nakaupo
100 nakatayo

**DRESS CIRCLE** (Ika-3 Palapag)
Auditorium: 598
Lobby: 550 nakaupo, 200 nakatayo

**GRAND TIER** (Ika-2 Palapag)
Auditorium: 274
Lobby: 200 nakaupo, 300 nakatayo
Loggia: 49

**MGA BOX** (Mezzanine)
Auditorium: 192
North Box Lobby: 150 nakaupo, 220 nakatayo

**ORCHESTRA** (Ground Floor)
Auditorium: 1174 na nakaupo, 100 nakatayo
Main Lobby: 200 nakaupo, 1000 nakatayo

**LOWER LOUNGE**
Café: 300 nakaupo, 500 nakatayo
Walang upuan sa auditorium

# seating chart

**KAPASIDAD NG AUDITORIUM**

3126 na nakaupo
200 nakatayo



# mga rate ng renta

Kasama sa mga rate ng renta ang pag-set up at rehearsal sa parehong araw, ngunit hindi kasama rito ang pagpapatrabaho, kagamitan, insurance, mga serbisyo sa box office, espasyo sa lobby para sa event o mga karagdagang araw ng rehearsal o pag-set up. Ang mga pagbebenta ng produkto, pangkomersyong display at audio/video recording ay nangangailangan ng mga hiwalay na kasunduan at bayarin. Maaaring magkaroon ng mga karagdagang singilin sa mga renta tuwing holiday. Nag-iiba-iba ang mga rate ng renta sa lobby para sa event kasabay ng mga pagtatanghal sa entablado batay sa bilang ng bisita at uri ng paggamit. Pakitingnan ang *Mga Bayarin at Gastusin* para sa higit pang impormasyon.



## PANGKARANIWAN

Ang renta para sa mga pagtatanghal na may bayad sa admission ay katumbas ng 10% ng mga gross na resibo sa bawat pagtatanghal:

| | |
|---|---|
| Minimum na renta | $2,750 |
| Maximum na renta | $7,900 |
| Renta para sa mga event sa lobby lang o pagtatanghal sa entablado na walang babayarang admission | $7,900 |
| Karagdagang kalahating araw para sa pag-set up o rehearsal | $1,310 |
| Karagdagang buong araw para sa pag-set up o rehearsal | $3,135 |

## NONPROFIT

Ang renta para sa mga pagtatanghal na may bayad sa admission ay katumbas ng 10% ng mga gross na resibo sa bawat pagtatanghal:

| | |
|---|---|
| Minimum na renta | $2,750 |
| Maximum na renta | $5,500 |
| Renta para sa mga event sa lobby lang o pagtatanghal sa entablado na walang babayarang admission | $5,500 |
| Karagdagang kalahating araw para sa pag-set up o rehearsal | $1,310 |
| Karagdagang buong araw para sa pag-set up o rehearsal | $2,350 |

# mga bayarin at gastusin

## RENTA

Ang lahat ng bayarin at gastusin ay idaragdag sa renta. Tingnan ang <u>*Mga Rate ng Renta*</u> para sa higit pang impormasyon.

## BOX OFFICE

Ang Mga Licensee ay inaatasang pumasok sa isang hiwalay na kasunduan sa isang box office na nauugnay sa center para sa mga serbisyo sa pagbebenta ng ticket. Para sa isang anim na linggong yugto ng panahon ng pagbebenta na may kasamang pagpi-print ng ticket, ang basic na bayarin ay $2000 at 3.5% ng mga benta gamit ang credit card. Kinakailangan ng minimum na dalawang tagapagbenta ng ticket sa gabi ng pagpapalabas na may karagdagang gastos na $140 bawat isa sa bawat pagtatanghal.

## PAGPAPATRABAHO

Ang mga pagtatanghal at event ay mangangailangan ng magtatrabaho sa entablado mula sa unyon, tauhan sa harapan ng teatro, pamamahala ng event, seguridad, at mga serbisyo ng kustodiya at engineering. Sa paggawa ng pagtatantya, kailangang alam ang eksaktong uri ng pagtatanghal o event, kasama na ang timeline nito, mga kumpletong teknikal na pangangailangan, inaasahang bilang ng bisita at gustong serbisyo para sa mga manonood.

## INSURANCE

Kinakailangan ng Certificate of Insurance (Sertipiko ng Seguro) na may kasamang Additional Insured Endorsement (Karagdagang Nakasegurong Pag-endorso) para sa lahat ng aktibidad sa pagrerenta. Kasama dapat sa insurance ang saklaw sa Kabayaran sa Mga Manggagawa, saklaw sa Pampublikong Pananagutan na $1 milyon, at saklaw sa Pinsala sa Ari-arian na $1 milyon. Mayroon ding insurance na makukuha sa pamamagitan ng SFWMPAC. Makukuha ang mga rate kung hihilingin.

## KAGAMITAN

Nakadepende ang mga pagrenta ng kagamitan sa mga pangangailangan ng bawat pagtatanghal o event. Bubuo ng mga pagtatantya sa panahon ng pag-book.

## MGA PAGBEBENTA NG PRODUKTO

Dapat paunang aprubahan ang mga pagbebenta ng produkto. Kukunin ng SFWMPAC ang 10% ng mga net na nabenta pati ang naaangkop na buwis sa pagbebenta. Dapat maglaan ng (mga) tagapagbenta ang licensee.

## AUDIO AT VIDEO RECORDING

Dapat paunang magsagawa ng mga pagsasaayos para sa recording at nangangailangan ito ng hiwalay na kasunduan. Ang (mga) recording ay puwedeng mangailangan ng mga karagdagang renta sa kagamitan, magtatrabaho mula sa unyon at mga bayarin sa origination (pagpapasimula).

## MGA PANGKOMERSYONG DISPLAY

Dapat paunang aprubahan ang mga pangkomersyong display ng ikatlong partido sa lugar (gaya ng mga banner o giveaway ng sponsor na kumpanya) at puwedeng patawan ng bayarin sa pangkomersyong display na $1500 bawat araw.

## MGA RECEPTION

May iba't ibang espasyo sa lobby para sa mga reception. Puwedeng maglapat ng mga bayarin para sa renta at iba pang bayarin. Ang lahat ng catering ay nangangailangan ng hiwalay na kasunduan sa aming eksklusibong provider ng pagkain at inumin, ang Global Gourmet Catering. Tingnan ang <u>*Pagkain at Inumin*</u> para sa higit pang impormasyon.



# mga teknikal na detalye




## MGA SISTEMA NG ENTABLADO

Kasama sa standard na kagamitan ng pasilidad ang:

- Ang hook-up na Road Board ay nasa kanan ng harapang bahagi ng entablado at ito ay binubuo ng apat na 3-phase 5-wire 400 amp na panel
- Basic na ilaw sa harap na para sa teatro na naka-prehung
- 5 set ng itim na velour leg at border at 2 blackout na kurtina
- Naka-automate na fly rail na may 66 na lineset
- Mga closed-circuit television na stage monitor
- Monitor sa pagtawag, intercom, at palabas sa mga dressing room
- Pakikipag-ugnayan gamit ang headset sa pagitan ng lahat ng nagpapatakbong posisyon.

Dahil pangunahing itinatanghal ang ballet at opera nang may acoustic na musika, walang in-house system para sa pagpapalakas ng tunog ang War Memorial Opera House. Kung nangangailangan ng pagpapalakas ng tunog ang iyong pagtatanghal, kakailanganing magrenta ng public address system mula sa labas.

## MGA KASAMANG ESPASYO SA PAGRENTA

- Mga dressing room na may salamin, palikuran, lababo, at shower sa backstage
- Mga locker room ng mga lalaki at mga babae
- Espasyo para sa rehearsal/ballet studio
- Lounge ng mga performer

## MGA SUKAT

ENTABLADO
Proscenium na opening: 52' ang lapad
Taas ng permanenteng valence sa centerline: 31'6"
Taas ng grid: 116'
Taas ng entablado mula sa sahig ng teatro: 3'6"
Curtain line hanggang sa pit (hangganan ng apron): 4'4"
Curtain line hanggang sa back wall: 64'
Sidewall hanggang sidewall: 123'
Opening ng mga torm tower: 41'4" hanggang 48'8"

HARAPAN NG TEATRO
Balcony rail hanggang sa mga footlight: 80'

ORCHESTRA PIT
Mga lugar sa pagtugtog:
6'8", 7'11", o 8'2" sa ibaba ng level ng entablado
Maximum na kapasidad: 90
Lapad sa center line: 19'10"

## MGA SUKAT NG DAANAN PARA SA PAG-LOAD

Ang pinto sa pag-load sa Grove Street at Franklin Street na may lapad na 15' ay puwedeng magpatuloy ng dalawang truck nang magkasabay.

Ang pintong nagkokonekta sa imbakan sa likod na bahagi ng entablado na idinagdag sa entablado ay may 32' na lapad at 30' na taas.

# mga tagubilin sa pagbu-book

## 1. UNANG PAGTATANONG

Makipag-ugnayan sa amin upang malaman ang availability ng (mga) petsang gusto mo. Limitado ang mga makukuhang petsa, kaya maghanda ng mga alternatibong petsa at ng malinaw na impormasyon tungkol sa iyong event at sa timeline nito. Kung mukhang bakante ang (mga) petsang gusto mo at tugma sa lugar ang iyong pagtatanghal o event, puwede kang magtakda ng pansamantalang pagkuha habang kinukumpirma namin ang availability.



## 2. PETSA NG PAGKUMPIRMA

Kapag nakumpirma na ang iyong petsa, magsumite ng kinumpletong aplikasyon kasama ang deposito sa renta (kalahati ng Minimum na Renta) na aaprubahan ng War Memorial Board of Trustees (WMBT, Lupon ng Mga Katiwala ng War Memorial).

## 3. KASUNDUAN SA LISENSYA

Kapag inaprubahan na ng WMBT, maglalabas kami ng Short Term License Agreement (STLA, Panandaliang Kasunduan sa Lisensya).

Mga susunod na hakbang:

- Lagdaan at ibalik ang STLA.
- Bayaran ang balanse ng Minimum na Renta.
- Para sa mga event na may ticket, gumawa ng hiwalay na kasunduan sa isang box office na nauugnay sa center.
- Para sa mga pagtatanghal at event na nangangailangan ng mga serbisyo ng catering, gumawa ng hiwalay na kasunduan sa Global Gourmet Catering.

## 4. KUMPLETUHIN ANG MGA DETALYE

Bago ang iyong pagtatanghal o event:

- Kumpirmahin ang timeline, mga teknikal na elemento, at kinakailangang kagamitan sa aming Stage Electrician.
- Kumpirmahin ang mga gustong serbisyo para sa manonood, kinakailangang pagkain at inumin, at anumang karagdagang pangangailangan.

## 5. BAYARAN ANG BOND AT INSURANCE NG PAGTATANGHAL

Hindi bababa sa dalawang linggo bago ang iyong event, magbigay ng patunay ng insurance at bayaran ang iyong Bond ng Pagtatanghal, na isang depositong ibinabayad upang saklawin ang kabuuang tinatantyang gastos sa pagpapatrabaho at kagamitan. Tingnan ang *Mga Bayarin at Gastusin* para sa higit pang impormasyon.

## 6. SETTLEMENT

Kukumpletuhin ang settlement ng mga bayarin sa renta at gastusin sa pagpapatrabaho at kagamitan pagkatapos ng iyong pagtatanghal o event. Ang prosesong ito ay tumatagal nang humigit-kumulang dalawang linggo.

Para sa mga event at pagtatanghal *na may mga resibo sa box office:*

- Kukumpletuhin ng SFWMPAC ang isang paunang settlement at ibabawas ang lahat ng aktwal na gastusin mula sa mga resibo sa box office.
- Kukumpletuhin ng box office ang settlement nito at ipapadala ang mga natitirang resibo sa Licensee.
- Kukumpletuhin ng SFWMPAC ang panghuling settlement at ire-refund ang hindi nagamit na bahagi ng Bond ng Pagtatanghal.

Para sa mga event at pagtatanghal na *walang resibo sa box office:*

- Ibabawas ang lahat ng gastusin mula sa Bond ng Pagtatanghal ng Licensee. Ire-refund ng SFWMPAC ang anumang hindi nagamit na bahagi ng Bond ng Pagtatanghal.

# pagkain at inumin

Ipinagmamalaki ng War Memorial Opera House na Global Gourmet Catering ang eksklusibong provider nito ng pagkain at inumin.

## MGA CONCESSION SA PAGTATANGHAL

Para sa mga pagtatanghal na may intermission, magbibigay ang Global Gourmet ng mga serbisyo sa pagkain at inumin at concession bago ang palabas at habang may intermission sa mga lugar sa lobby. Para sa mga pagtatanghal na walang intermission, puwedeng magsagawa ng mga kasunduan bago ang palabas at puwedeng mangailangan ito ng minimum na garantiya.

## CATERING

Ang Global Gourmet ay may malawak na hanay ng mga serbisyo para sa event, mula sa pagpaplano ng malikhaing menu at logistics hanggang sa pagpili ng dekorasyon at pagbuo ng badyet.

PATINA CATERING
Michael Horsley, *Catering Sales Manager*

Email: michael@ggcatering.com
Telepono: 415.252.1933

301 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94102
www.ggcatering.com





# pelikula at photography



Larawan mula sa pelikulang *Steve Jobs*



Si Direktor Danny Boyles habang nasa set

Ang mga natatanging lugar at bakuran ng SFWMPAC ay mainam para sa pelikula at photography, at nakapaglingkod na sa mga kliyenteng kumpanya gaya ng Ford, American Express at Eileen West, at naging lokasyon ng eksena para sa malalaking pelikula, kasama ang *The Right Stuff, Milk at Steve Jobs* ni Danny Boyle.

## MGA RATE NG RENTA

Kasama sa mga rate ng renta ang pag-set up at rehearsal sa parehong araw ngunit hindi kasama rito ang pagpapatrabaho, kagamitan, insurance, o mga karagdagang araw ng rehearsal o pag-set up. Maaaring magkaroon ng mga karagdagang singilin sa mga renta tuwing holiday.

| PAGKUHA NG PELIKULA | |
|---|---|
| Minimum na renta (may apat na oras) | $500 |
| Bawat oras pagkatapos ng apat na oras | $200 |

| STILL PHOTOGRAPHY | |
|---|---|
| Minimum na renta (may apat na oras) | $400 |
| Bawat oras pagkatapos ng apat na oras | $100 |

## AHENTE SA PAG-BOOK

Sharon Walton
*Communications and Events Manager*
Email: sharon.walton@sfgov.org
Telepono: 415.554.6321

# mga madalas itanong


Mainam ang Lower Lounge Café bar para sa mga pribadong kasiyahan at pagdiriwang.

**Nagpapalabas o gumagawa ba ng mga event ang SFWMPAC?**
Hindi. Ang SFWMPAC ay ang departamento ng Lungsod at County ng San Francisco na responsable sa pamamahala sa renta at pagpapanatili ng mga pasilidad ng Performing Arts Center. Ang paggawa at pagsusulong ng lahat ng event at pagtatanghal ay responsibilidad ng Mga Licensee.

**Puwede ba kaming magbenta ng sarili naming mga ticket?**
Hindi. Dapat gumamit ang Mga Licensee ng box office na nauugnay sa center para sa mga serbisyo ng pagbebenta ng ticket.

**Magagamit ba ang mga lobby para sa mga reception?**
Oo. Puwedeng ganapin ang mga reception bilang mga stand-alone na event o bilang mga event na nauugnay sa mga pagtatanghal. Ang mga reception sa lobby ay maaaring patawan ng mga karagdagang gastusin sa renta at pagpapatrabaho.

**Puwede ba akong gumamit ng sarili kong caterer?**
Ang Global Gourmet ay ang eksklusibong provider ng lahat ng serbisyo ng concession at catering. Ang Mga Licensee ay dapat pumasok sa hiwalay na kasunduan sa Global Gourmet para sa serbisyo ng pagkain at inumin. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Sales Manager ng Global Gourmet sa 415.252.1933.

**Magkano ang gagastusin sa aking pagtatanghal o event?**
Nakadepende ang gastusin sa mga teknikal na pangangailangan, gayundin sa timeline para sa pag-load in, presentasyon at pag-load out. Bagama't natatangi ang lahat ng pagtatanghal at event, karaniwang nagkakahalaga ang mga gastusin mula $15,000 - $50,000 bawat isa.

**Ano ang Bond ng Pagtatanghal?**
Ang isang Bond ng Pagtatanghal ay depositong ibinabayad upang saklawin ang iyong tinatantyang gastusin sa pagpapatrabaho at kagamitan. Para sa mga event na may ticket, ire-refund nang buo ang Bond ng Pagtatanghal basta't sapat ang mga resibo sa box office upang saklawin ang mga gastusin. Para sa mga pagtatanghal at event na walang babayarang admission, gagamitin ang Bond ng Pagtatanghal upang saklawin ang mga gastusin, at ire-refund ang hindi nagamit na bahagi sa oras ng settlement.

**Saan kami magpaparada ng mga sasakyan para sa mga tauhan ng event, pag-load at pag-unload?**
Puwedeng paunang magsagawa ng mga pagsasaayos upang mag-load at mag-unload sa horseshoe driveway na matatagpuan sa pagitan ng Veterans Building at Opera House. Dapat paunang isaayos ang pagparada sa kalye para sa malalaking truck at sasakyan, at puwede itong mangailangan ng pag-paruba ng Municipal Transportation Agency ng San Francisco. Hanggang tatlong espasyo ng paradahan ng sasakyan katabi ng Opera House ang puwedeng ilaan para sa tauhan ng Licensee o mga performer. Tingnan ang *Mga Teknikal na Detalye* para sa impormasyon ng pag-load.

*(magpapatuloy sa susunod na pahina)*

## mga madalas itanong (ipinagpatuloy)

**Saan magpaparada ang mga bisita ng event?**
Tingnan ang *Mga Direksyon at Paradahan*.

**Mapupuntahan ba ng mga may kapansanan, o sumusunod ba sa ADA, ang gusali?**
Tinutukoy sa mga seating chart ang mga partikular na lokasyon ng upuan para sa may wheelchair. Ikalulugod ng Box Office na makipagtulungan sa iyo upang mapagbigyan ang mga espesyal na pangangailangan.

**Anong oras kami puwedeng mag-load in at mag-set up?**
Ang mga oras ng pag-access ay tutukuyin sa oras ng pag-book.

**Ano ang dapat isama sa aming programa?**
Bagama't hindi kinakailangan ng naka-print na programa, kasama dapat sa anumang naka-print na programa ang diagram ng pang-emergency na labasan at isang listahan ng Lupon ng Mga Katiwala ng War Memorial na ibinigay sa Appendix D ng aming Panandaliang Kasunduan sa Lisensya.

**Saan dapat ihatid ang aming mga programa?**
Dapat paunang isaayos ang paghahatid ng mga programa. Ang SFWMPAC ay may limitadong imbakan para sa mga programa at hindi nito mapapangasiwaan ang pagbabalik ng anumang item.

Pakilagay sa address na paghahatiran ang:
War Memorial Opera House
North Stage Door
Attention: Jamye Divila, *House Manager*
301 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94102

**Puwede mo bang ipakita ang aking poster sa iyong case? Kung oo, ano dapat ang laki nito?**
May isang case para sa poster ang War Memorial Opera House na magagamit ng Licensee. Pinagpapalit-palit ang mga poster kapag nagkaroon ng espasyo. Dapat ay may sukat na 81.5" na taas at 43" na lapad ang mga poster.

**Puwede ba kaming magbenta ng produkto?**
Oo. Dapat paunang aprubahan ang mga pagbebenta ng produkto. Kukunin ng SFWMPAC ang 10% ng mga net na nabenta pati ang naaangkop na buwis sa pagbebenta. Dapat maglaan ng (mga) tagapagbenta ang licensee. Hindi pinapahintulutan ang pagbebenta ng mga pagkain.

**Ano ang pagpapatrabaho sa entablado ng IATSE?**
Ang International Alliance of Theatrical Stage Employees, Moving Picture Technicians, Artists and Allied Crafts of the United States, its Territories and Canada (IA o IATSE) ay isang unyon ng nagtatrabaho para sa mga industriya ng pagpapalabas at mga kaugnay na industriya. Inaatas ng SFWMPAC ang paggamit ng mga stagehand ng Local 16 ng IATSE upang isagawa ang lahat ng gawain sa teatro sa aming mga lugar.

**Puwede ba kaming gumawa ng audio o video recording ng aming event o pagtatanghal?**
Dapat paunang magsagawa ng mga pagsasaayos para sa recording at nangangailangan ito ng hiwalay na kasunduan. Ang (mga) recording ay puwedeng mangailangan ng mga karagdagang renta sa kagamitan, magtatrabaho mula sa unyon at mga bayarin sa origination (pagpapasimula).



# mga direksyon at paradahan

**War Memorial Opera House**
**301 Van Ness Avenue** (sa Grove Street)

## MGA DIREKSYON SA PAGMAMANEHO

MULA SA SOUTH BAY O PENINSULA
1. Dumaan sa 101 North at lumabas sa 9th Street
2. Kumaliwa sa 9th Street
3. Sa Market Street, kumanan sa Larkin Street
4. Kumaliwa sa McAllister Street
5. Kumaliwa sa Van Ness Avenue

MULA SA EAST BAY
1. Dumaan sa I-80 West at tumawid sa Bay Bridge
2. Dumaan sa 9th Street/Civic Center exit at manatili sa kanan
3. Kumaliwa sa Harrison Street
4. Kumanan sa 9th Street
5. Sa Market Street, kumanan sa Larkin Street
6. Kumaliwa sa McAllister Street
7. Kumaliwa sa Van Ness Avenue

MULA SA NORTH BAY
1. Magmaneho papuntang Timog sa Highway 101 at tumawid sa Golden Gate Bridge
2. Sundin ang mga karatula papuntang Downtown sa pamamagitan ng Lombard Street
3. Kumanan sa Van Ness Avenue
4. Magpatuloy papuntang Grove Street




## PARADAHAN

**P1** PERFORMING ARTS GARAGE
360 Grove Street | 415.252.8238

**P2** CIVIC CENTER PLAZA GARAGE
355 McAllister Street | 415.863.1537

**P** Karagdagang paradahan

## TRANSIT

511.ORG
Telepono: 511 | TDD: 711

BART www.bart.gov
415.989.2278 | TDD: 510.839.2220

MUNI www.sfmta.com
415.701.2311 | TDD: 415.701.2323

AC TRANSIT www.actransit.org
510.891.4700 | TDD: 800.448.9790

CALTRAIN www.caltrain.com
510.817.1717 | TTY: 650.508.6448

GOLDEN GATE TRANSIT
www.goldengatetransit.org
415.455.2000 | TDD: 711

SAMTRANS www.samtrans.com
510.817.1717 | TDD: 605.508.6448

**War Memorial Opera House**
**301 Van Ness Avenue, San Francisco**

MGA PAGRENTA

Rob Levin, *Booking Manager*
Email: rob.levin@sfgov.org
Telepono: 415.554.6317

San Francisco War Memorial
& Performing Arts Center
401 Van Ness Avenue, Room 110
San Francisco, CA 94102
Pangunahing Telepono: 415.621.6600
www.sfwmpac.org

PAGKAIN AT INUMIN

Michael Horsley, *Catering Sales Manager*
Email: michael@ggcatering.com
Telepono: 415.252.1933

Global Gourmet Catering
301 Van Ness Avenue
San Francisco, CA 94102
www.ggcatering.com

MGA SERBISYO SA BOX OFFICE

City Box Office
180 Redwood Street, Suite 180
San Francisco, CA 94102
Telepono: 415.392.4400
Email: info@cityboxoffice.com
www.cityboxoffice.com

San Francisco War Memorial & Performing Arts Center

